Bay Area Air District

News Release

Learn more at **baaqmd.gov**
@bayareaairdistrict

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Mayo 4, 2026
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Panahon para Iligtas ang Hangin (Spare the Air) mula sa smog, magsisimula ngayong araw

Hinihikayat ang mga residente na pumili ng mas malilinis na opsyon sa transportasyon para mabawasan ang polusyon sa hangin

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Distrito ng Hangin ng Bay Area ang pagsisimula ng panahon para Iligtas ang Hangin mula sa smog, na mag-uumpisa sa Lunes, Mayo 4 at magpapatuloy hanggang Oktubre.

Ang milyun-milyong sasakyan sa mga kalsada ng Bay Area bawat araw ay nananatiling pangunahing pinagmumulan ng polusyong nagdudulot ng smog at ng mga emisyon ng greenhouse gas. Hinihikayat ng kampanyang Iligtas ang Hangin ang mga residente na bawasan ang pagmamaneho at maghanap ng mga paraan para maibahagi, mapaikli, o mabago ang kanilang commute para makatulong na bawasan ang smog, trapiko, at congestion sa rehiyon. Habang tumataas ang temperatura sa pagpasok ng tag-init, lumalaki rin ang posibilidad ng Mga Alertong Iligtas ang Hangin para sa hindi magandang kalidad ng hangin.

"Ang pagbabawas ng polusyon sa hangin ay nakasalalay sa mga pang-araw-araw na desisyon," sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. "Sa kampanyang Iligtas ang Hangin, isinusulong ang paggamit ng pampublikong transportasyon, pagbibisikleta, o paglalakad bilang mga gawing makakabawas sa polusyong dulot ng smog at fine particle. Kapag sinimulan ng mga tao ang mga iyon, mapapabilis ng ating rehiyon ang pag-usad natin tungo sa mas malinis na hangin.

Ang pagsisimula ng panahon ng smog ay kasabay ng paghahanda para sa Linggo ng Kamalayan sa Kalidad ng Hangin na mula Mayo 4-8, na isang pambansang kampanya na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng malinis na hangin at nanghihikayat sa mga tao na matuto tungkol sa mga sanhi at epekto ng polusyon sa hangin. Nagbibigay rin ang kampanya ng mga praktikal na hakbang na puwedeng gawin ng mga residente para maprotektahan ang kanilang kalusugan at mabawasan ang mga emisyon sa buong taon.

Naglalabas ng Mga Alertong Iligtas ang Hangin kapag tinatayang aabot ang smog, o ang polusyon sa ozone, sa mga antas na masama sa kalusugan. Ang ozone ay puwedeng magdulot ng pangangati ng lalamunan, baradong lalamunan at pananakit ng dibdib, magdulot ng hika,

pamamaga ng baga, at magpalala ng bronchitis at emphysema. Ito ay lalong mapanganib para sa mga bata, nakatatanda, at mga taong may sakit sa baga o puso. Kapag may ipinapatupad na Alertong Iligtas ang Hangin, pinapayuhan ang mga residente na limitahan ang pag-eehersisyo sa labas sa dapit-hapon kung kailan pinakamataas, kadalasan, ang antas ng ozone.

Para malaman kung may ipinapatupad na Alertong Iligtas ang Hangin, magagawa ng mga residente na magparehistro para sa mga notification sa email o text sa sparetheair.org/alerts, tumawag sa 1-800-HELP-AIR, i-download ang Spare the Air Bay Area app, o i-follow ang Spare the Air sa social media.

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensya na may responsibilidad na protektahan ang kalidad ng hangin at ang pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Kumonekta sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Facebook, X, Instagram, at YouTube.

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Air District Homepage | *News Releases*